Ang kapaligiran ng iyong anak

Maglaan ng ibat- ibang uri ng laruan para mapanatili ang interes ng iyong anak. Pagpalit-palitan ang mga laruan pagkaraan ng ilang araw para hindi siya magsawa at magpatuloy ang kanyang interes at pagtuklas.

Sa kanyang gulang, ang iyong anak ay magsisimula ng gumulong at gumapang. Ang ibang mga bata ay magsisimula na ring maglakad. Kailangan niya ang maluwang na laruan upang siya ay makapag-ikot ng mahusay at maingat sa kanyang kapaligiran.

Bakit kailangang maglaro?

Ang laro ay importanteng gawain ng bata. Marami siyang natututunan sa kanyang mundo sa pamamagitan ng kanyang sariling karanasan tuwing siya ay naglalaro. Kailangan ng bawat bata ang laro upang matuklasan niya at maintindihan ang kanyang kapiligiran habang siya ay lumalaki.

Ang mga programang panlaro para sa mga bata at sa kanilang mga magulang at tagapag alaga ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na makipag laro sa isat-isa sa isang lugar na ligtas at masigla. Meron ding ibang bata at matatanda na nagbibigay sigla at saya sa kanilang pagsasamasama. May maraming oportunidad para sila magkakilala at magkaalaman sa ibat iba nilang gawaing laro. Ang mga bata ay natututong magbigayan sa isa't-isa habang sila ay nagpapatuloy na lumaki ng maayos at malusog.

Ang mga laruan ay simpleng gamit ng mga bata para pagyamanin ang kanilang paglalaro at kaalaman. Walang isang matatawag na tamang laruan. Ang mga bata ay nangangailangan ng ibat-ibang laruan na tugma sa kanilang edad, kanilang interes at kanilang kakayahan. May mga laruan para sa tag-ulan, panlabas na laruan pag kasama nila ang kanilang mga kaibigan, laruan kung sila ay may sakit o kung sila ay nakabakasyon at mga laruan na edukasyonal upang sila ay matutong magbigayan at magkaisa. Isipin ang bukod-tanging pangangailangan at interes ng iyong anak kapag namimili ng kanyang laruan.

Ang "Laro Tayo" ay limang bahaging babasahin na nagbibigay ng ibat-ibang ideya ng paglalaro sa mga edad na:

0-6 buwan	2-3 taon
6-12 buwan	3-4 taon
1-2 taon	4-5 taon

Ang presyo sa maramihan na pagbili ng babasahin at ibang publikasyon ay maaring malaman sa:

FRP CANADA
707 - 331 rue Cooper Street, Ottawa, ON K2P 0G5
(613) 237-7667
1-866-637-7226
1-866-6-FRPCAN
(613) 237-8515
info@frp.ca
www.frp.ca
www.welcomehere.ca
www.bienvenuechezvous.ca

Tagalog/ Tagalog

Laro Tayo?

6-12 buwan

FRP CANADA

Ang laro ay...

- **pagtuklas**
- **pagsisiyasat**
- **pakikihalubilo, kadalasan sa mga nakakatanda**
- **pag-galaw**
- **paglutas ng suliranin**
- **pagsasanay**



Maingat na piliin ang mga laruan, isaisip ang tamang level ng paglaki ng iyong anak.

Bigyan ang iyong anak ng plastik na laruan na nag-iingay kapag pinipisa. Siya ay magkakaengganyong gumawa ng tunog at makinig sa kanyang sariling boses.



Maraming mapipindot at magagalaw na mga bagay na nagbibigay ng ibat-ibang tunog ang bata pag naglalaro ng laruang 'busy box' o activity centre.



Bigyan ang iyong anak ng mga maliliit na bloke upang ito'y kanyang hipuin, itulak sa paligid o ipasa-pasa sa magkabila niyang kamay.

Kung ang iyong anak ay nag-uumpisa ng gumapang, matutuwa siyang hahabul-habulin ang mga laruang may gulong o igulong ang bola sa sahig.

Ang pagtugtog ng simpleng instrumentong musikal kapag kasama ang iyong anak ay makakatulong sa kanyang pagkilala sa ibat-ibang tunog.

Maglaro kayo ng iyong anak ng BULAGA (peek-a-boo) at ipakita sa kanya ang mga 'pop-up' na laruan para ma-develop ang kanyang isipan at pag-alaala.

Magbasa kayo ng iyong anak ng mga simpleng librong puno ng mga larawan. Ituro at sabihin ang mga pangalan ng mga bagay na pamilyar sa kanya gaya ng sanggol, tasa, kotse, pusa at aso.

Ibat-ibang gawain para sa iyong anak

Gumupit ng ibat-ibang hugis sa mga sari-saring materyales tulad ng balahibo, papel de liha, at lana. Idikit na maigi sa karton at ipahipo sa bata. Sabihin sa kanya kung ito ay magaspang, makinis, malambot, at iba pa.



Punuin ang plastik na palanggana o timba ng 15 sintemetro (6 pulgada) ng tubig. Lagyan ng mga laruang lumulutang tulad ng mga bapor, plastik na lalagyan, gomang pato, at maliliit na pitsel. Ang iyong anak ay masayang magtatampisaw sa tubig. Ang paglalaro sa tubig ay nakakaginhawa.

Kandungin ang iyong anak na nakaharap sa iyo at dahan dahan siyang itaas at ibaba habang sinasabayan ng pagsabing: Ganito ang paglalakad ng kabayo,
takatak, takatak, takatak